Mensahe Lima

## Ang Naghaharing Aspekto ng Gumulang na Buhay na Nakita sa Buhay ni Jose

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 41:39-44, 51-52; 45:5-8; 47:14-23; 50:15-21

I. **Ayon sa espiritwal na karanasan, sina Jacob at Jose ay iisang tao; ikinakatawan ni Jose ang naghaharing aspekto ng gumulang na Israel, ang pagkakabuo ni Kristo sa gumulang na kalikasan ni Jacob; bilang gumulang na banal na nabuoan ng Kristo, ang sakdal na Isa, si Jacob ay naghari sa pamamagitan ni Jose—Gen. 41:39-44; Heb. 6:1a; Gal. 6:8; 5:22-23:**

A. Ang naghaharing aspekto na isinasagisag ni Jose ay si Kristo na naibuo tungo sa ating katauhan—4:19.

B. Si Jose, isang "panginoon ng mga panaginip" (Gen. 37:19), ay nanaginip na, ayon sa pananaw ng Diyos, ang Kanyang bayan ay mga bigkis ng trigo na puspos ng buhay at mga bagay sa langit na puspos ng liwanag (bb. 5-11); inihayag ng dalawang panaginip ni Jose sa kanya (bb. 7, 9), na kapwa mula sa Diyos, ang dibinong pananaw ng Diyos hinggil sa kalikasan, posisyon, pangsyon, at gol ng bayan ng Diyos sa lupa:

1. Kailangan nating gamitin ang "dibinong teleskopyo" upang makita nang lagusan ang panahon at makita ang Bagong Herusalem, kung saan walang kahit ano kundi mga bigkis na puspos ng buhay at mga bituin na puspos ng liwanag; sa gayon, ang naghaharing aspekto ng gumulang na buhay ay hinding-hindi nagsasalita nang negatibo hinggil sa mga banal o sa ekklesia—cf. 38:27-30; Mat. 7:1-5; 1 Ped. 3:8-9.

2. Kinontrol ng panaginip ni Jose ang kanyang buhay at ginabayan ang kanyang paggawi; gumawi siya nang napakaekselente at napakakahanga-hanga dahil nagabayan siya ng pangitain na nakita niya sa kanyang panaginip (cf. Gawa 26:19); nagalit ang kanyang mga kapatid (Gen. 37:18-31) at nagpasasa sa kanilang pita (38:15-18), subalit nasupil ni Jose ang kanyang galit at nalupig ang kanyang pita (39:7-23), gumagawi na gaya ng isang bigkis na puspos ng buhay at iginagawi ang kanyang sarili gaya ng isang makalangit na bituin na nagliliwanag sa kadiliman.

C. Ang buhay ni Jose sa ilalim ng makalangit na pangitain ay ang buhay ng kaharian ng kalangitan na inilarawan sa Mateo 5—7; sa pamamagitan ng pamumuhay ng gayong buhay, handang-handa na siyang maghari bilang isang hari; ayon sa saligang-batas ng makalangit na kaharian na inihayag sa mga kapitulong ito sa Mateo, dapat masupil ang ating galit, at dapat malupig ang ating pita (5:21-32).

D. Ang naghaharing aspekto ng gumulang na buhay ay isang buhay na palaging tinatamasa ang presensiya ng Panginoon (Gawa 7:9); saanman naroroon ang Kanyang presensiya, naroon ang awtoridad, ang namumunong kapangyarihan (Gen. 39:2-5, 21-23):

1. Sa presensiya ng Panginoon, pinasagana Niya si Jose; habang pinagdaraanan ni Jose ng masamang pakikitungo, natamasa niya ang pagpapasagana ng Panginoon na dumating sa kanya sa ilalim ng pagkasoberano ng Panginoon.

2. Sa presensiya ng Panginoon, pinaboran si Jose ng pagpapala ng Panginoon saanman siya naroroon; nang natamasa ni Jose ang pananagana, siya at yaong mga may kinalaman sa kanya ay pinagpala—bb. 4-5, 22-23.

E. Bagama't ang sarili niyang mga panaginip ay hindi pa natutupad, si Jose ay may pananampalataya at katapangang ipaliwanag ang mga panaginip ng dalawa niyang kasama sa bilangguan (40:8); sa kalaunan, napalaya si Jose mula sa bilangguan nang di-tuwiran sa pamamagitan ng kanyang pagsasalita sa pananampalataya sa pagpapaliwanag ng panaginip ng katiwala ng saro (41:9-13), at naihatid siya tungo sa trono nang tuwiran sa pamamagitan ng pagsasalita niya nang katapangan sa pagpapaliwanag ng panaginip ni

Faraon (bb. 14-46); kapwa ang paglaya at awtoridad ay dumating sa kanya sa pamamagitan ng kanyang pagsasalita:

1. Minsang nagsabi si Andrew Murray ng ganitong salita: ang mabuting tagapaghain ng Salita ay dapat palaging maghain nang higit kaysa sa kanyang naranasan; nangangahulugan ito na dapat tayong magsalita nang higit pa ayon sa pangitain kaysa ayon sa katuparan ng pangitain.
2. Kahit kung hindi pa natutupad ang ating pangitain, dapat pa rin nating isalita ito sa iba; darating ang panahon kung kailan matutupad ang ating pangitain; natupad sa kalaunan ang mga panaginip ni Jose sa pamamagitan ng kanyang pagpapaliwanag sa panaginip ng katiwala ng saro.
3. Hindi tayo dapat magsalita ayon sa ating mga nadarama kundi ayon sa makalangit na pangitain; tayo ay mga mapangitain, mga tagakita, ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, kaya dapat tayong magsalita ayon sa pagiging ganap ng katotohanan ng Kanyang ekonomiya—Gawa 26:16-19.

F. Kung ipinamumuhay natin si Kristo, maaaring magdala tayo ng buhay o kamatayan saanman tayo naroroon (2 Cor. 2:14-16); sa katiwala ng saro, nagdala si Jose ng pagpapanumbalik; sa panadero, nagdala siya ng kamatayan (Gen. 41:12-13).

G. Kung hahanapin natin ang Panginoon, ilalagay niya tayo sa "piitan"; kung walang piitan hindi tayo makaaakyat sa trono; hindi tayo dapat maging isang "tiwalag sa piitan"; dapat tayong manatili sa piitan hanggang sa tayo ay makatapos at matanggap ang korona—Efe. 3:1; 4:1; Sant. 1:12.

**II. Si Jose bilang isang mabungang sanga (Gen. 49:22) ay sumasagisag kay Kristo bilang sanga (Isa. 11:1-2) para sa pagsasanga ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga mananampalataya bilang Kanyang mga sanga (Juan 15:1, 5); sa Genesis 49:22 ang bukal ay sumasagisag sa Diyos, ang pinagmumulan ng pagiging mabunga (Awit 36:9; Jer. 2:13), at ang paggapang sa pader ng mga sanga ay nangangahulugan na ipinapalaganap si Kristo ng mga mananampalataya ni Kristo bilang Kanyang mga sanga sa kabila ng bawat pagtatakda, dinadakila Siya sa lahat ng sirkumstansiya (Fil. 1:20; 4:22; Filem. 10):**

A. Sa pagtanggap niya ng kaluwalhatian at mga kaloob sa kanyang pagkaluklok, si Jose ay sumasagisag kay Kristo, na tumanggap ng kaluwalhatian (Heb. 2:9) at mga kaloob (Awit 68:18; Gawa 2:33) sa Kanyang pag-akyat sa langit (Gen. 41:42):

1. Inilalarawan ng singsing, ng mga kasuotan, at ng gintong kuwintas ang mga kaloob na natanggap ni Kristo sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan, na ang mga kaloob ay ibinigay Niya sa ekklesia—b. 42:
   a. Ang singsing ay sumasagisag sa Espiritu Santo bilang isang tatak sa loob at sa labas ng mga mananampalataya ni Kristo—Gawa 2:33; Efe. 1:13; 4:30; cf. Luc. 15:22.
   b. Ang mga kasuotan ay sumasagisag kay Kristo bilang ating obhektibong katuwiran para sa pag-aaring matuwid sa atin sa harap ng Diyos (1 Cor. 1:30; cf. Awit 45:9, 13; Luc. 15:22) at bilang ating subhektibong katuwiran na naipamuhay mula sa atin upang maging kuwalipikado tayong makilahok sa kasal ng Kordero (Fil. 3:9; Awit 45:14; Apoc. 19:7-9).
   c. Ang gintong kuwintas ay sumasagisag sa kagandahan ng Espiritu Santo na ibinigay para sa pagsunod na nahayag sa pagpapasakop (cf. Gawa 5:32); ang isang leeg na nalagyan ng kuwintas ay sumasagisag sa isang kaloobang nalupig at nasupil upang sumunod sa utos ng Diyos (Gen. 41:42; cf. A. A. 1:10; Kaw. 1:8-9).
2. Ayon sa pagkakasunod-sunod ng espiritwal na karanasan, natatanggap muna natin ang pagtatatak ng Espiritu para sa kaligtasan; pagkatapos natatanggap natin ang kasuotan ng katuwiran at nagsisimulang ipamuhay si Kristo (Gal. 2:20; Fil. 1:20-21a); upang

© 2023 Living Stream Ministry

maipamuhay natin si Kristo, ang ating leeg ay dapat malagyan ng kuwintas, ang ating kalooban ay dapat malupig at masupil, ng Espiritu Santo.

3. Pagkatapos mabuhay na muli mula sa bilangguan ng kamatayan at maihatd tungo sa posisyon ng pag-akyat sa langit, pinakasalan ni Jose si Asenat, na naglalarawan sa ekklesia na kinuha mula sa mundo ng mga Hentil sa panahon ng pagtanggi ng mga anak ni Israel kay Kristo (Gen. 41:45); tinawag ni Jose ang pangalan ng kanyang panganay na Manases (na ang ibig sabihin ay "ipinapalimot") at ang pangalan ng kanyang pangalawa na Efraim (na ang ibig sabihin ay "dalawang beses na mabunga"); idineklara ni Jose, "Ipinalimot ng Diyos sa akin ang lahat ng aking paghihirap at ang buong sambahayan ng aking ama," at "[Ginawa akong dalawang beses na mabunga] ng Diyos sa lupain ng aking pagdadalamhati" (bb. 51-52).

**III. Ang talâ ng buhay ni Jose ay isang pahayag ng pamumuno ng Espiritu, sapagkat ang pamumuno ng Espiritu ang naghaharing aspekto ng isang gumulang na banal; ang pamumuno ng Espiritu (isang buhay ng paghahari sa buhay, na nasa ilalim ng pagtatakda at paglilimita ng dibinong buhay sa realidad ng kaharian ng Diyos) ay mas mataas kaysa sa anumang iba pang aspekto ng Espiritu—Roma 5:17, 21; 14:17-18; cf. 2 Cor. 3:17-18; 2 Tim. 4:22; Apoc. 4:1-3:**

A. Bagama't si Jose ay punô ng pantaong damdamin at sentimyento tungo sa kanyang mga kapatid, pinanatili niya ang kanyang sarili kasama ang lahat ng kanyang damdamin sa ilalim ng pamumuno ng Espiritu; tinuos niya ang kanyang mga kapatid nang mahinahon, nang may karunungan, at nang may pag-unawa, dinidisiplina sila ayon sa kanilang pangangailangan upang pasakdalin sila at itayo sila upang sila ay maging isang sama-samang tao na sama-samang namumuhay bilang patotoo ng Diyos sa lupa; ang buhay na naipakita sa kuwento kay Jose ay ang pagkabuhay na muling buhay, ang buhay ng Diyos—Gen. 42:9, 24; 43:30-31; 45:1-2, 24.

B. Ipinakita ng pamumuhay ni Jose sa ilalim ng pagtatakda ng Diyos, isang larawan ng pantaong pamumuhay ni Kristo, ang paggulang at kasakdalan ng dibinong buhay at ipinasok ang kaharian ng Diyos—Juan 5:19, 30b; 7:16, 18; 14:10; Mat. 8:9-10.

C. Sa mga pagtutuos ni Jose sa kanyang mga kapatid, nakita natin na namuhay siya ng isang payapang buhay, isang mahinahong buhay, at isang may pag-unawang buhay na may pag-ibig para sa kanyang mga kapatid—isang buhay na nagtatatwa ng sarili bilang pagsasagawa ng buhay-kaharian—Gen. 45:24; Mat. 16:24; 2 Cron. 1:10; Isa. 30:15a; Fil. 1:9; 1 Tim. 5:1-2; 1 Tes. 3:12; 4:9; 2 Tes. 1:3; Roma 12:10; 1 Juan 4:9; Heb. 13:1.

D. Ang pinakamakapangyarihang tao ay ang isa na may lakas na hindi gawin kung ano ang kaya niyang gawin—ito ang totoong pagtatatwa sa sarili at ang tunay na pagpapasan ng krus—Mat. 16:24; cf. 26:53; 2 Cor. 2:12-16.

E. Ang pagkatanto ni Jose ay yaong ang Diyos ang nagsugo sa kanya tungo sa Ehipto; sa Genesis 50:20 sinabi niya sa kanyang mga kapatid, "[Bagama't] kayo'y nagnasa ng masama laban sa akin, ngunit [nilayon ito] ng Diyos para sa kabutihan" (45:5, 7; 50:19-21; cf. 41:51-52); ito ang realidad ng salita ni Pablo sa Roma 8:28-29; tinanggap ni Jose ang lahat ng ginawa sa kanya ng kanyang mga kapatid na galing sa Diyos, at inaliw niya ang mga nakasakit sa kanya (Gen. 45:5-8; 50:15-21); anong biyaya, at anong ekselenteng espiritu, ang mayroon siya!

**IV. Dahil nagdusa si Jose at itinatwa ang kanyang sarili, natamo niya ang kayamanan ng panustos-buhay (*Mga Himno,* #635); upang makatanggap ng pagkain mula sa kanya bilang isang sagisag ni Kristo, kinailangan ng mga tao na magbayad ng apat na uri ng halaga: kanilang salapi, kanilang mga alagang hayop, kanilang lupain, at kanilang sarili—47:14-23; cf. Apoc. 3:18:**

A. Ang salapi ay kumakatawan sa kaginhawahan, ang mga alagang hayop ay sumasagisag sa ikinabubuhay, at ang lupain ay kumakatawan sa mga pinagkukunan; kung tatanggapin natin ang panustos-buhay mula sa Panginoon bilang Tagapamahagi, kailangan nating ibigay sa kanya ang ating kaginhawahan, ating ikinabubuhay, at ating pinagkukunan; lalo tayong nagbibigay sa Kanya, lalong panustos-buhay ang matatanggap natin mula sa Kanya.

B. Sa kasukdulan, upang matanggap ang pinakamainam na bahagi mula sa Panginoon, kabilang ang pagkain para sa kasiyahan at binhi upang makapagbunga ng isang bagay para sa iba (Gen. 47:23), kailangan nating ibigay ang ating sarili, ang bawat bahagi ng ating katauhan, sa Kanya (Lev. 1:4).

C. Kapag nagbayad tayo ng pinakamataas na halaga sa pamamagitan ng pagbibigay ng bawat bahagi ng ating katauhan sa Kanya, matatamasa natin ang pinakamainam na bahagi ng pagtatamasa kay Kristo.

**V. Ang pansansinukob na pagpapala kay Jose ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa, kung saan ang lahat ng bagay ay magiging bago bilang isang pagpapala kay Kristo at sa Kanyang mga mananampalataya—Gen. 49:25-26; Deut. 33:13-16; Apoc. 21:5:**

A. Ang transpormasyon ay ang metabolikong mabago ng kabaguhan ng dibinong buhay, ang paggulang ay ang mapuspos ng kabaguhan ng dibinong buhay na bumabago sa atin, at ang pagpapala ay ang pag-apaw ng buhay; ang katapusan ng buhay ni Jacob kay Jose ay isang buhay ng pagpapala bilang rurok ng kanyang pagliliwanag—Kaw. 4:18; Heb. 11:21; Gen. 47:7; 48:15-16.

B. Tanging ang Diyos ang bago; anumang bagay na hiwalay sa Diyos ay luma, subalit anumang bagay na bumabalik sa Diyos ay bago (2 Cor. 5:17); ang mapabago ay nangangahulugang bumalik sa Diyos at magkaroon ng bagay ng Diyos na nailagay tungo sa atin nang sa gayon tayo ay naihahalo sa Diyos at kaisa ng Diyos para sa buhay-Katawan (4:16; Roma 12:1-2).

C. Ang lihim ng pagtanggap sa Diyos bilang ating pagpapala ng kabaguhan ay ang dalhin ang lahat ng bagay sa Diyos at hayaan Siyang makapasok sa lahat ng bagay; ang pansansinukob na pagpapala kay Jose ay nangangahulugan na ang pagpapala ay nasa lahat ng dako; ginagawang pagpapala ng ating mga pagpuri ang lahat ng bagay na pagtungkol sa sumpa ng pagkatisod—Efe. 5:20; 1 Tes. 5:16-18.

*© 2023 Living Stream Ministry*